# Checklist para sa pagbubukas ng account sa bank o credit union

Maaaring pagpasyahan mong ang checking o savings account ang tamang produkto para sa iyo. Kung gagawin mo, madali lang ang pagbubukas ng account sa isang bank o credit union [kooperatibang pampananalapi na pag-aari ng mga kasapi].

## Pagbubukas ng account sa isang bank o sa credit union

Una, maaaring gusto mong makakuha ng pagmungkahi mula sa isang mapagkakatiwalaang kaibigan o kasapi sa pamilya para sa isang bank o credit union. Alamin ang tungkol sa:

- Ang mga babayaran na sinisingil nila
- Ang mga service na iniaalok nila, kagaya ng online na pagbabayad sa bill o isang mobile app.
- Ang interest na ibinabayad nila para sa mga savings account

Karaniwang kailangan mong magsagawa ng panimulang deposit na nasa pagitan ng $25 at $100 upang makapagbukas ng account na savings o checking.

### Payo

Alamin kung magkano ang dapat na laman ng account sa lahat ng panahon upang maiwasan o mabawasan ang mga babayaran. Tinatawag itong "minimum balance requirement [kailanganin na pinakamababang natitirang bahagi]." Maaaring hindi ito ang iyon ding halaga ng pera na kailangan mo upang buksan ang account.

Kailangan ding magbigay ka ng information upang mapatunayan ng bank o credit union ang iyong pangalan, petsa ng pagsilang, address, at identification number [numero ng pagkakilanlan]. Maaaring ang identification number ay Social Security number, Individual Taxpayer Identification Number (ITIN) [pagkakilanlan sa isa-isang nagbabayad ng buwis], numero ng passport at bansa kung saan nalathala, numero ng alien identification card, o iba pang identification number na palathala ng pamahalaan.

- Maraming mga bank ang nag-aatas na magpakita ka ng U.S. o state na lathala ng pamahalaan na identification card na mayroon kang letrato, kagaya ng driver's license, U.S. passport, o military identification [pagkakilanlan bilang militar].

- Kung wala kang U.S. o state na lathala ng pamahalaan na form ng identification, ilang mga bank at mga credit union ang tumatanggap ng mga banyagang passport at mga consular ID, kagaya ng Matricula Consular card.

Sa karagdagan, pangkalahatang kailangan mo ang isa sa mga sumusunod:

- Ang iyong Social Security card
- Isang kwenta na mayroon kang pangalan at address
- Ang iyong birth certificate [katibayan ng pagsilang]

## Matricula consular o CID card

Ang Matricula Consular ay pambatas na document ng pagkakilanlan ng pamahalaan ng Mexico. Nag-aalok ang ibang mga bansa ng katulad na mga ID, na minsan tinatawag na mga consular identification (CID) card. Iniaalok ng mga konsulado sa United States ang mga ito. Kung nanggaling ka mula sa ibang bansa at wala kang ID na lathalang pamahalaan ng U.S. o state, dalawin ang konsulado ng iyong bansa para sa higit pang information kung paano kumuha ng ID card, at tingnan ang mga bank at mga credit union kung tumatanggap sila ng mga ito.

## ITIN at mga account na interest-bearing [nagbibigay ng patubo]

Ilang mga account ang magbabayad sa iyo ng interest sa halaga na nasa iyong account. Kahit na maliit lamang na halaga, ang interest ay pera na sakop ng tax. Dahil diyan, upang makapagbukas ng account na interest-bearing, kailangan mo ng Social Security number or ITIN.

Para sa karagdagang information tungkol sa mga ITIN at kung paano makakuha, makiugnay sa IRS sa 1-800-829-1040 o tingnan ang information na matatagpuan sa: irs.gov/Individuals/General-ITIN-Information (sa maraming mga wika)

## Mga checklist para sa pagbubukas ng checking account

Gamitin ang mga checklist sa susunod na page upang matiyak na mayroon ka ng mga kailangan mo sa pagbubukas ng account sa bank o credit union.

# Mga checklist sa checking account

Tiyakin na mayroon ka ng mga kailangan mo sa pagbubukas ng account sa bank o credit union. Ang mga sumusunod ang mga bagay na hihingin ng maraming mga bank at mga credit union.

## Mga ibagay na kailangan upang magbukas ng isang checking account

| | Kailangang Information: | Additional questions |
|---|---|---|
| ☐ | Isang form ng identification na mayroon kang larawan, na inilathala ng pamahalaan ng U.S., pamahalaan ng state, o banyagang pamahalaan (mayroong sariling pamamalakad ang bawat bank o credit union sa kung ano ang mga banyagang ID na kanilang tatanggapin) | |
| ☐ | Isang pangalawang form ng identification: Ang iyong Social Security card, isang kwenta na mayroon kang pangalan at address, o ang iyong birth certificate | |
| ☐ | Social Security number o ITIN; kung wala ito, maaaring ka lamang makapagbukas ng isang no-interest account | |
| ☐ | Pera na pangbukas sa account | |

## Mga katanungan na itatanong sa iyong bank o credit union

| | Maghanap ng information o magtanong sa isang kinatawan tungkol sa: | Notes |
|---|---|---|
| ☐ | Kinakailangang minimum balance upang maiwasan ang mga mga babayaran sa monthly service | |
| ☐ | Mga babayaran sa buwanang pangangalaga o service | |
| ☐ | Tuwirang pagdeposito at kung natatanggal nito ang buwanang babayaran | |
| ☐ | Mga babayaran sa per-check o transaction | |
| ☐ | Mga babayaran sa paggamit ng mga automated teller machine (ATM) | |
| ☐ | Online at mobile na access sa iyong account at anupamang gastos | |
| ☐ | Online at mobile na access sa pagbayad ng mga bill at anupamang gastos | |
| ☐ | Mga babayaran sa overdraft o kulang na pondo at mga paraan upang piliing di na kasali | |
| ☐ | Mga babala ng pagbibigay-alam kapag mababa na ang balance [natitirang bahagi] | |

## Tungkol sa amin

Isang ahensya sa 21st century ang Kawanihan ng Pangangalaga ng Pananalapi ng Konsyumer (Consumer Financial Protection Bureau, CFPB) na tumutulong sa paggawa sa mga consumer finance market upang maging higit pang mabisa ang mga patakaran, sa pamamagitan ng di-pabago-bago at makatarungang pagpatupad ng mga patakarang iyon, at sa pamamagitan ng pagbigay-kapangyarihan sa mga consumer upang higit pa nilang mapangasiwaan ang kanilang mga economic na kapamuhayan.

Alamin ang higit pa sa ut consumerfinance.gov

## Makipag-ugnayan sa amin

Magsumite ng reklamo sa consumerfinance.gov/complaint

Ibahagi ang iyong kuwento sa consumerfinance.gov/your-story

Magtanong sa CFPB consumerfinance.gov/askcfpb

Ibahagi ang iyong mga pananaw sa
facebook.com/cfpb
twitter.com/cfpb